# SA IBAYO NG MGA *FOOTNOTE:* TUNGO SA PAGSASAKASAYSAYAN NG ISYUNG TASADAY

**Michael Charleston B. Chua**
**Carlos P. Tatel, Jr.**

*The 20th anniversary of the controversial "International Anthropological Conference on the Tasaday Controversy and Other Urgent Anthropological Issues" in 2006 was a great opportunity to revisit the publications, broadcasts and exhibits on the so-called "'Stone-Age' tribe discovered?" by Manda Elizalde in 1971.*

*The paper gives a survey of these publications: from the* National Geographic *article and photos announcing to the world the discovery, to the "footnote" exposes of Zeus Salazar and other "hoax" proponents, to books revisiting the controversy in the new millennium by Hemley and Hagedorn. The controversy enchanted academics, journalists, writers, and even a former first lady in her Imeldific rhetoric. The paper offers a periodization of the trends in the discourse: dominance of the "Stone age narrative" (1971-1986); dominance of the hoax proponents (1986-1989); and revisiting the Tasaday beyond the polemic debate (1989-2006). The trends of the discourse reflect the political changes in the Philippines and the major players in the debate, offering us a view of the history of the anthropology of the Tasaday.*

## Panimula

Ang *Tasaday Forum* na ginanap kamakailan sa Pulungang Recto, Faculty Center ng Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman[1] ay isang makasaysayang pangyayari. Ginunita sa okasyong ito ang ika-20 taong anibersaryo ng pagdaraos ng isang pandaigdigang kumperensya hinggil sa Tasaday – ang *The 1986 International Conference on the Tasaday Controversy and other Urgent Anthropological Issues.*[2]

[1] "What's New With The Tasaday: Implications for the Theory and Practice of Anthropology," at "Iskrapbuk ng Tasaday." Isang forum at eksibit na isinagawa sa Pulungang Claro M. Recto (Faculty Center), UP Diliman, ika-17 ng Agosto, 2006.
[2] Itinaguyod ng UGAT, Inc. at ng UP Departamento ng Antropolohiya at ginanap sa Philippine Social Science Center, Lungsod Quezon.

*AghamTao*, 2009. Volume 17:46-74

Naging pagkakataon ang pangyayaring ito upang makapagbalik-tanaw sa bibliograpiya ng Tasaday. Ang papel na ito ay isang sarbey ng mga batis (*sources*) hinggil sa Tasaday: mga nalathala at naipakita sa iba't ibang media (telebisyon, eksibit, kumperensya). Hindi nito layunin na magdagdag pa ng impormasyon o magsimula na naman ng panibagong isyu hinggil sa Tasaday (sapagkat sadyang napakasalimuot na ng usaping ito!); bagkus, layunin lamang nito na magsilbing "tanaw" sa diskurso, pinakamaganda marahil – tawaging isang "Talastasan" – na nagsimula sa "pagkakatuklas," nuong dekada '70, ng Tasaday bilang isang "lost tribe," hanggang sa mainit na polemiko sa loob ng akademya laban sa "state-sponsored" na kasinungalingan o "hoax" nuong dekada '80; at ang dekada '90 hanggang sa kasalukuyan, bilang makataong pagturing naman sa mga Tasaday bilang IP *(Indigenous Peoples)* na may ipinaglalabang karapatan sa kanilang lupang pinaninirahan. Isang uri ng "pagtanaw" sa talastasang ito, ay ang pagbabalik sa batis o *bibiliographic sources* na may kaugnayan sa Tasaday. Ang kabuuuan ng mga batis na ito – mula sa pinakaunang dokumento nuong 1971 hanggang sa kagaganap pa lamang na *forum* sa Tasaday sa UP Diliman sa taong 2006 – ay kabuuan din ng kasaysayan ng antropolohiya ng Tasaday.

Ito ang nais na kontribusyon ng kasalukuyang papel sa talastasan hinggil sa Tasaday: ang ipakita na ang mga batis, bukod sa nagtataglay ng datos, ay mismong mga "salaysay ng nakaraan" (*narratives of the past*) at mga pakahulugang pangkalinangan (*cultural interpretations*) ukol sa mga kaganapan. Makikita na ang bawat aklat, *pamphlet*, kumperensya, bidyo o eksibit[3], ay nagtataglay ng partikular na pananaw at ideolohiya. Totoo ngang napakarami nang naisulat at nagawa tungkol sa Tasaday; subalit maaring ito ang kauna-unahang pagtatangka na tingnan ang Tasaday sa mundo ng mga batis na nilikha nito sa loob ng tatlong dekada.

## Pagsubaybay sa Bibliograpiya ng Tasaday bilang Isang Paglalakbay sa Kasaysayan ng Tasaday at ng Antropolohiya ng Tasaday

Maligaya ang isang mananaliksik sa tuwing may makikitang mga talababa (*footnotes*) o talahuli (*endnotes*), na nagpapakita na may tinutungtungang metodolohiya ang isang akda. Para sa isang iskolar, ito ay gabay tungo sa mas malalim na pagtingin sa isang partikular na usapin o

---

[3] Kamangha-mangha na maging ang "Iskrapbuk ng Tasaday (2006)," na isang eksibit na inihanda ng aming gradwadong klase a Anthro 232 sa ilalim ni Prop. Maria Mangahas ay kabilang na rin sa lumalawak na bibliograpiya hinggil sa Tasaday: ang eksibit na ito mismo ay may talastasang pinanggagalingan sapagkat napakarami na ring eksibit na binuo sa nakaraan (tingnan ang listahan sa Mga Sanggunian).

bagay: isang pagkakataon na sundan ang mga batis na ginamit; magsisilbing pintuan para sa ibang mananaliksik na makibahagi sa talastasan.

Nabanggit sa itaas na napakarami nang naisulat at nagawa tungkol sa Tasaday. Marami sa mga ito ay lumabas bilang mga "*footnote*" ng iba't ibang akda ng mga iskolar, estudyante at peryodista. Ngunit hindi lamang ang laman ng mga batis na ito ang may masasabi ukol sa masalimuot na kwento ng Tasaday. Maging ang mga batis mismo – na repleksyon ng mga personaheng sumulat at ang pangyayaring nakapaikot sa pagkakasulat – ay mayroon ding maibabahagi at masasabi. Hindi *neutral* o *value-free* ang mga batis; nakikipag-usap (*discursive*), nakikipag-tagisan (*contesting*) at nagtatalaban (*dialectical*) ang mga ito. Ang simpleng pagsubaybay sa isang bibliograpiya ay isa nang pagbisita sa pag-unlad ng isang "talastasan." Ang bawat batis ay may kuntekstong historikal at kultural, lalo na ang polemiko sa usapin ng Tasaday na mayroon pang anggulo ng pulitika. Sa madaling salita, may konteksto ang bawat teksto. Isang pagtawid sa kasaysayan ng antropolohiya ang pagsubaybay sa mga "*footnotes*" – ang mga batis ay napapaloob sa partikular na kuntekstong pangkasaysayan ng bansa.

Kaya naman ang pamagat ng bibliograpikong sarbey na ito ay hindi lamang paglalaro sa pamagat ng seryeng "Footnote to the Tasaday" ni Dr. Zeus Salazar (1971),[4] kundi tumutukoy din sa kwento sa likod ng mga batis; "*footnote*" sa loob ng "*footnote*," wika nga.

Bilang bahagi ng metodolohiya, kinonsulta ang mga *website* ng aklatan ng Unibersidad ng Pilipinas – Diliman <http://www.mainlib.upd.edu.ph/opac.htm>, *Philippine eLib Portal* <http://www.elib.gov.ph/> (bahagi ng *website* ng Pamahalaang Pilipino na nagbubuklod sa koleksyon ng mga pinakamalalaking aklatan sa Pilipinas), *Friends of the Tasaday* <http://www.tasaday.com> (ang *website* na itinataguyod ng samahan ni John Nance), at *Oregon State University* <http://oregonstate.edu/instruct/anth210/tasaday.html> (ang pamantasan kung saan nagmula ang peryodistang si Nance). Nang mailatag ang listahan ng mga akda, nakita namin ang potensyal nito upang maging isang preliminaryong sarbey ng bibliograpiya hinggil sa kwento ng Tasaday. Ang napakalaking koleksyon ng Aklatan ng Unibersidad ng Pilipinas ay naging sapat na upang maabot ang mayorya ng bibiliograpiya; bagama't dalawang bidyo lamang ang makikita sa koleksyong

[4] Zeus A. Salazar (1971), "Comments: Footnote on the Tasaday," sa *Philippine Journal of Linguistics*, pp 34-38. Muling nailathala kasama ang kanyang "Second Footnote on the Tasaday" (1972), sa Jerome Bailen, *ed.* at *comp.* (1986a). Sinundan ito ng "Third and Final Footnote on the Tasaday" (1988b), sa Headland, *ed.* (1992). At ang kanyang pahabol "Another Footnote to a Never-Ending Story" (1989).

*multi-media* nito.[5] Upang mapunan ang pagkukulang na ito, kami ay sumangguni sa mga paglalarawan ng mga dokumentaryo na matatagpuan sa mga *bibliographic entries* sa ilang mga aklatan ng daigdig. Inobserbahan din ang mga ipinakitang mga kuha ng dalawang napanood na dokumentaryo mula sa iba pang mga naunang inilabas.

## Isang Balangkas ng Kasaysayan ng Antropolohiya ng Tasaday

Ang pagsasapanahon o peryodisasyon ay ang pagtatangka na maikahon o mahati ang kabuuan ng nakaraan ayon sa mga "maliliit" na kasaysayan. Ang mga "maliliit" na kasaysayan ay siyang magbibigay ng saysay o kahulugan sa tinaguriang yugto ng kasaysayan – at ang bawat yugto naman ay kinapapalooban ng mga pangyayaring may kaugnayan sa bawat isa. Sa katunayan, isa ring talastasan sa loob ng disiplina ng kasaysayan ang paggawa at prinsipyo ng peryodisasyon.[6] Gayunpaman, nakikita namin na mahalaga pa rin ito sa kasalukuyang pag-aaral upang mgsilbing gabay sa pag-unawa sa pag-unlad ng talastasan ng Tasaday.

Ang Tasaday, na isang antropolohikal na suliranin ay mayroong historisidad (*historicity*); ibig sabihin maaring tingan sa malawak na pananaw – isang peryodisasyon ng talastasang naganap (at patuloy na nagaganap sapagkat hindi pa tapos ang "kwento" nila) sa pamamagitan ng mga batis.

Aming ipinapanukala ang isang tatluhang-hati (*tripartite*) sa balangkas ng sarbey ng mga batis hinggil sa Tasaday:

### I. Mula 1971 hanggang 1986.

Ang "pagkatuklas" sa Tasaday at paghahari ng iisang salaysay hinggil dito – ang salaysay na "*stone-age*", o mga naniniwala sa salaysay ng PANAMIN (kasama, sa limitadong paraan, ang ilang mga antropologo mula sa Pambansang Museo at Pamantasang Ateneo de Manila).[7] Sa

[5] *The Tasaday: Stone Age People in a Space Age World* (1985), at *Tasaday Scandal; The Lost Tribe* (1987).

[6] Para sa iba't ibang mga pananaw ukol sa peryodisasyon, tingnan ang Lawrence Besserman, ed. (1996), at si J. H. Bentley (1996).

[7] Robert Fox, hepe ng Dibisyon ng Antropolohiya sa Pambansang Museo; Frs. Carlos Fernandez, SJ at Frank Lynch, SJ, mga antropologo mula sa Ateneo de Manila. Limitado ang partisipasyon ng mga ito sapagkat nakadepende kay Manuel Elizalde, direktor ng PANAMIN, ang mga kilos at galaw ng mga nabanggit na antropologo sa loob ng lugar ng mga Tasaday sanhi, diumano, ng kalayuan ng lugar, kahirapang makapasok sa loob ng gubat o bundok at kagustuhang "protektahan"

yugtong ito, nalilimitahan ng isang talastasang bunga ng dominasyon ng opisyal at dominanteng salaysay ng PANAMIN. (Maliban sa kauna-unahang nalathalang kritika sa dominanteng salaysay ng Tasaday, ang komentaryo ni Zeus A. Salazar [1971]). Ang 1971 ay simula ng kasaysayan ng antropolohiya ng Tasaday sapagkat ito ang kauna-unahang ulat tungkol sa Tasaday (Elizalde at Fox 1971).

## II. Mula 1986 hanggang 1989.

Sa aspektong pang-akademiko, ang 1986 ay isang "ikutang-pangyayari" (*turning point*) dahil sa taong ito, idinaos ang pandaigdigang kumperensya sa Tasaday – ang kauna-unahang kumperensya na naglalayong tingnan sa isang akademikong perspektiba ang usapin ng Tasaday. Sa aspekto naman ng pulitika at pambansang kaganapan, sa taong 1986 din nagkaroon ng EDSA People Power Revolution – na nagpabagsak sa rehimen ng Pang. Ferdinand Marcos sa Pilipinas, pitong buwan lamang bago ang pagdaraos ng pandaigdigang kumperensya sa Tasaday. Hindi maitatatwa ang relasyon ng dominanteng salaysay ng Tasaday ng PANAMIN sa konsepto ng kultura at kasaysayang Pilipino ni Gng. Imelda Marcos.[8] Hindi rin maikakaila na ginamit ang salaysay na "*hoax*" bilang polemiko laban sa rehimeng Marcos.

## III. Mula 1989 hanggang kasalukuyan, 2006.

Gagamiting palatandaan ng nagbabagong talastasan ang pagdaraos ng *The Tasaday Controversy: Assessing the Evidence* (Washington: American Anthropological Association) nuong 1989 bilang *Special Session of the 88th Annual meeeting of the American Anthropological Association* sa Washington D.C. Sinundan ng mga serye ng panulat nina Levita Duhaylungsod at David Hyndman mula 1990 hanggang 1992 bilang simula ng mga batis na nagtatalakay sa Tasaday na hindi lamang nakatali sa bangayang "*stone-age*" at "*hoax*," kundi pagmumuni-muni sa pamumuhay

---

mula sa mga taga-labas ang uri ng pamumuhay ng mga Tasaday. Hindi nabigyan ng pagkakataon ang mga antropologo mula sa UP na makapunta sa lugar ng Tasaday marahil hanggang sa paglisan ng Pangulong Marcos sa bansa nuong 1986. Ang pagpunta roon ay "*by invitation only*" ayon sa pananalita nina Fernandez at Lynch (1972).

[8] Tingnan: isang permanenteng eksibit sa Nayon Pilipino: *Tasaday photos, artifacts and dioramas on permanent display at Museum of Philippine Traditional Culture.* Nayon Pilipino, Pasay City, Metro Manila. 1972-1984. Kaugnay rin nito ang di-natapos na proyektong aklat sa kasaysayan ng lahing Pilipino: Ferdinand E. Marcos (1976), *Tadhana: The History of the Filipino People* Volume II, Part 1.

sa makabagong panahon o *modernity*. Ibig sabihin, lampas pa sa mga polemikong namagitan sa akademya, media, Pambansang Museo, rehimeng Marcos, PANAMIN at Elizalde. Maaring sabihing ang yugtong ito ay nagbukas sa isang pagbabalik-tanaw sa mga naganap, gayong may kalayu-layuan na rin ang isyu ng Tasaday. Kapansin-pansin ang *sub-title* na "*elusive and disputed history*" sa pinakabagong aklat tungkol sa Tasaday (Hemley 2003), na nagsasabing hindi pa rin tapos ang usaping ito maging sa kasalukuyan. Sangkot sa ikatlong yugto na ito ng talastasang Tasaday ang usapin ng "etika" at "pulitika" ng kultura sa pagturing sa etnisidad (halimbawa, ng etnisidad ng Tasaday) bilang likhang (*constructed*) ideya ng isang partikular na grupo ng tao.[9]

## Unang Yugto: Dominasyon ng Salaysay na "*Stone-age*"

Unang ibinalita sa daigdig nina Manuel "Manda" Elizalde, tagapayo ni Pangulong Ferdinand Marcos para sa mga *national minorities*, at Dr. Robert Fox, hepe ng Dibisyon ng Antropolohiya ng Pambansang Museo, ang "pagkakatuklas" sa Tasaday noong Hunyo ng 1971 sa pamamagitan ng prestihiyosong Smithsonian Institution na nagpapakilala sa kanila bilang mga "*food gathering and stone tool using Manubo group in the mountains of South Cotabato*" (Mapapansin na sa unang papel na ito nina Manuel Elizalde, Jr. at Robert B. Fox (1971), hindi sinabing "*stone-age*" ang edad ng mga Tasaday, at sila ay bahagi ng grupong Manobo). Bagama't noon taong ding iyon nagkaroon na ng mga agam-agam si Zeus A. Salazar (1971) ng Unibersidad ng Pilipinas - Diliman, ukol sa pagiging "*lost tribe/eden*," "*gentle people*" at "*noble savage*" ng Tasaday, dali-daling naagaw ng Tasaday ang atensyon ng mundo sa pamamagitan ng banyagang *media* na siyang naggiit sa pagiging "*stone-age*" nito upang makuha ang paghiraya ng daigdig. Sa ngalan ng pagpoprotekta sa mga Tasaday, nilimitahan ng grupo ni Elizalde, ang PANAMIN (o *Private Association for National Minorities* na pwede ring *Presidential Assistant for the National Minorities*), ang pagpasok ng mga tao at eksperto sa mga kagubatan at kweba ng mga Tasaday. Sa kabila nito, inanyayahan pa rin nila ang iba't ibang mga personalidad — mga antropologo, mga peryodista at mga VIPs tulad ni

---

[9] Marahil ang pinaka-huling kaganapang akademiko hinggil sa paksa ng Tasaday ay ang "What's New With The Tasaday: Implications for the Theory and Practice of Anthropology," at "Iskrapbuk ng Tasaday," *forum* at eksibit na isinagawa sa Pulungang Claro M. Recto (Faculty Center), UP Diliman, ika-17 ng Agosto, 2006. Itinataguyod ng UGAT, UP Departamento ng Antropolohiya at klase sa Antropology 232 (Ecological Anthropology), Unang Semestre, 2006-2007.

Charles Lindbergh ng Estados Unidos upang maitanghal ang mga Tasaday sa mundo.

Kabilang sa mga naging produkto ng yugtong ito ay ang mga pag-aaral na dumadakila sa tanging tuklas na ito ng ika-20 siglo. Sa artikulo ni Kenneth MacLeish at John Launois (1972), na pinamagatang "Stone Age Men of the Philippines" pinapakita nito ang interes ng kanluran, sa pamamagitan ng isang global na magasing Amerikano ang *National Geographic*, sa tinaguriang "tuklas ng Tasaday." Sa katunayan, nauna pa ng isang buwan ang pagkakalathala nito sa daigdig sa report ng dalawang antropologo mula sa Ateneo de Manila na inimbitahan upang magsagawa ng pananaliksik (Fernandez at Lynch 1972). Ang ulat na ito, bagama't ipinalaganap ng PANAMIN, ay nagliliwanag mismo na ang Tasaday ay hindi "*lost tribe*" at may pakikipag-ugnayan sa mga kalapit na tribo.

Subalit sa kabila nito, nagpatuloy at lubhang pinasabik ang sandaigdigan ng ideya na ang Tasaday ay isang "*lost tribe/eden*," "*gentle people*" at "*noble savage*." Makikitang hindi talaga ang mga antropologo ang nais kumbinsihin ng dominanteng salaysay na "*Stone-Age*," kundi ang publiko. Naging instrumental kay Elizalde ang mga kaibigang peryodista at ang mga network upang maisakatuparan ito. Isa-isang naglabas ang iba't ibang mga *network* ng kanilang mga dokumentaryo ukol sa Tasaday: *Last Tribes of Mindanao*, 1971 (isang produksyon ng National Geographic na nagpapakita ng mga unang pagkikita ni Elizalde sa mga Tasaday noong Hunyo, 1971 at ang kanyang mga gawain para sa mga tribo sa Mindanao), at ang *Cave People of the Philippines*, 1972 (isang produksyon ng NBC na ipinakita ang pamumuhay ng mga Tasaday sa kanilang kweba noong Agosto, 1972). Sinundan ito ng paglabas noong 1975 ng *The Gentle Tasadays: A Stone Age People in the Philippine Rain Forest*, ang unang komprehensibong akda ng matatawag nating pangunahing propagandista ng Tasaday, ang peryodistang si John Nance, na isa sa mga piling peryodistang nakapasok sa lupain ng mga Tasaday. Binigyang kredibilidad ng paunang salita ni Charles Lindbergh, na kinikilalang tagapagtaguyod ng pangangalaga sa inang kalikasan, ang akda ni Nance. Dito, kanyang binanggit ang konsepto ng *self-determination* na ihinahandog ng PANAMIN para sa mga Tasaday, "*...freedom of choice in deciding their future, that they can maintain their rainforest culture or merge with civilization according to their desires and abilities*" (Lindbergh 1975:xi).

Ayon kay Carlos Fernandez, "*On the basis of what has happened over the last few months, few years, I think there was more anthropology from the journalists than from the anthropologists themselves*" (sinipi mula kay Azurin 1993:37).

Sa akademya, walang gaanong "talastasan" dahil nalilimitahan ang pagsusuri at pagkilos ng mga ito. Sa kabila nito, isang maliit na talastasan

ang aksidenteng nabuo. Minsang nagsalin para kay P. Teodoro Llamzon ng Pamantasang Ateneo de Manila si Dr. Zeus A. Salazar ng UP ng isang Alemang aklat ukol sa linggwistika. Ibinalita ng una sa huli ang kanyang pagpunta sa mga Tasaday at ipinakita ang kanyang artikulo ukol sa wika ng mga Tasaday (Llamzon 1972). Gumawa si Dr. Salazar ng tugon na nailathala sa *Philippine Journal of Lingguistics* na pinamagatang "Footnote on the Tasaday." Dito kanyang sinabi na ang wika ng Tasaday ay maaaring nagmula sa Manubo na bahagi ng pamilya ng wika na Malayo-Polesyano, samakatuwid, may kaugnayan ang wika sa labas at hindi maaaring nagmula sa *Stone-Age* (Salazar 1971). Ito ang kauna-unahang siyentipikong kritisismo na nagbigay ng bahid-duda sa pagiging *Stone-Age* ng Tasaday (Salazar 1988a). Noong 1972, inilabas ni Dr. Salazar ang kanyang ikalawang *footnote* na nagbigay ng karagdagang puntos sa kanyang mga naunang pagdududa sa Tasaday (Salazar1972).

Kinatawan ng tinig ni Dr. Salazar ang mga akademiko sa Unibersidad ng Pilipinas na hindi naging bahagi ng proyekto ng dominanteng salaysay. Hindi kaya ito'y sa kadahilanang may reputasyon ang mga taga-UP na lumalaban sa pamahalaan ni Marcos, lalo na't sa panahong kalilipas pa lamang ng mga pagkilos noong *Sigwa ng Unang Kwarto* ng dekada '70 at ng *Diliman Commune* ng 1971? Hindi nakapagtataka na karamihan ng mga naging kasama ng Pambansang Museo sa pananaliksik ay mga antropologo na hindi taga-UP: Frank Lynch, Teodoro Llamzon at Carlos Fernandez – mga antropologo sa Pamantasang Ateneo de Manila. Naging batayan ng dominanteng salaysay ang kanilang preliminaryong pananaliksik sa mga Tasaday at naka-ambag sa mga susunod pang mga lathalain ukol dito:

> Douglas E. Yen at Hermes G. Gutierrez. (1975). *The Ethnobotany of the Tasaday: The Useful Plants.* Lungsod Quezon: Bustamante Press.
>
> Douglas E. Yen and John Nance, eds. (1975). *Further Studies on the Tasaday.* Makati: Panamin Foundation, 1976.

Kung may talagang nabiyayaan sa pagkakatuklas ng Tasaday, ito ay ang pamumuno ng mag-asawang Ferdinand at Imelda Marcos. Ayon kay James Hamilon Patterson (2003) – isang manunulat na naging interesado sa kasaysayan ng Batas Militar sa bansa:

> *By 1971, Marcos's second term of office (he had been re-elected in 1969) was going badly. There had been destabilising attacks by Maoist guerrillas of the New People's Army and increasingly violent protests from leftist*

> *students; unrest was to escalate until Marcos declared martial law in September the following year.*
>
> *This was highly damaging to his administration's image, not least because in the American view the Philippines had long been "the showcase of American democracy". Ferdinand and Imelda had been given the red-carpet treatment by President Johnson on a state visit to Washington in 1966 and the US had been fully supportive of Marcos ever since: it needed his country as a loyal, stable aircraft carrier moored within easy reach of Vietnam. Domestic unrest in the Philippines looked almost as bad for Washington as for Marcos, and by mid-1971 there was an urgent need for some favourable news to counteract the damaging stories in the international press.*
>
> *Against this background the Tasaday appeared as a godsend. The images of innocent leaf-clad forest dwellers still living a Palaeolithic dream probably did help to put a more human face on Marcos's regime for a while - or at least to distract the world's attention away from his political prisons.*

Hanggang ngayon, ginagawang isa sa mga saligan ng sandaigdigang pananaw (*worldview*) ukol sa "Katotohanan, Kabaitan at Kagandahan" (*the true, the good and the beautiful*) ni Gng. Imelda Romuladez Marcos ang mga Tasaday. Sa isang pakikipanayam kamakailan sa dating unang ginang, kanyang sinabi:

> *I was born to beauty...a beautiful culture, a beautiful people, a beautiful country.... When Charles Lindbergh the great pilot and Margaret Mead, one of the top anthropologists, the three of us went to these* ***stone age*** *people...the Tasaday. And we were watching there, the stone-age people,* ***untouched by civilization****.... Suddenly...we saw somebody on top of the promontory, a girl and a boy. We asked the interpreter, what are they doing there? They said, they're getting married, they're mumbling something to each other, and when translated they said, "****You and I will make a beautiful world together.****" Charles Lindbergh said to me, "Imelda did you hear that?* ***It is not what we have gained in the process of civilization; it is what we have lost.****" See? What can I do? And if you give endless and selfless love,*

> *and love is giving of what is beautiful, good and true, that's mothering.*[10]

Kailanman hindi nagtungo si Margaret Mead sa mga Tasaday, lalo na si Gng. Marcos. Ngunit nagamit ang imahe ng Tasaday para sa mga pagpapamalas ng Pang. Marcos, upang bigyan ang diktadura ng batayang prehistorikal ang pag-unlad ng kasaysayang Pilipino na kung saan ang rurok ay maaabot sa panahon ng Bagong Lipunan. Tulad noong magarbong parada para sa Miss Universe Pageant 1974, ang "Kasaysayan ng Lahi" na nagsasalaysay ng kasaysayan ng Pilipinas *"from Stone Age to the New Society,"*[11] maging sa parada bilang parangal sa pagbisita sa Pilipinas ng Pang. Gerald Ford ng Estados Unidos. Sa panahong ito, lumabas din ang *"inside story"* ni Carlos Fernandez (1978) sa pagkakatuklas sa Tasaday sa malaganap na sampung tomong *Filipino Heritage: The Making of a Nation.*

Dahil sa pulitikal nitong kahalagahan, naging puspusan ang pagsuporta ng mga Marcos sa mga pananaliksik at pagtuklas sa Tasaday sa ilalim ni Elizalde. Noong ika-6 ng Abril, 1972, nilagdaan ng Pang. Marcos ang Proklamasyong 995, na naglalagay sa lupain ng mga Tasaday sa ilalim ng pangangalaga ni Elizalde (Trinidad at Bauer 1972). Noong ika-22 ng Setyembre, 1976, nilagdaan ang P. D. 1017, na nagbabawal sa hindi pinapahintulutang pagpasok sa teritoryo ng Tasaday. Mula noon, hindi na nagambala pa ng mananaliksik at mga peryodista ang Tasaday (Hemley 2003:85).

Ang pangyayaring ito ay may malaking implikasyon sa pag-aaral ng Etnolohiya ayon sa akademikong Pranses na si Jean Baudrillard sa kanyang popular na akdang *Simulacra and Simulations* (na naging batayan ng mga pelikulang *Matrix*). Nararapat lamang na sipiin ang kanyang masasabi ukol sa isyu noong 1981:

> *Ethnology brushed up against its paradoxical death in 1971 (sic), the day when the Philippine government decided to*

---

[10] Panayam kay Imelda Romualdez Marcos, ika-26 ng Agosto, 2004. Pacific Plaza, Lungsod ng Makati. Panayam nina Michael Charleston B. Chua, Josė Angelito Angeles, Leah Abayao, Nancy Aenoh Cortez, Webster Laureñana, Olivia Ontoria at Gretzhel Saligbon. Unang ginamit para sa tesis praktikum na isinumite para sa klase ng Historyograpiya 199.1 sa ilalim ni Dr. Milagros C. Guerrero, Unang Semstre 2004-2005. Tingnan din: *INA, ANAK: Ang Kwento ng Dalawang Imelda (Ang Masalimuot na Ugnayang Mag-inang Imelda at Imee Marcos*, 2004. Di-gradwadong thesis sa Kasaysayan, UP Diliman (isang pananaliksik at interbyu sa mag-inang Imelda at Imee Marcos).

[11] *Kasaysayan ng Lahi*, isang bidyo-dokyumentaryo na idinerehe ni Dik Trofeo, NMPC, 1974. Tingnan din: Hemley (2003:85); at Trinidad at Bauer (1972).

*return the few dozen Tasaday who had just been discovered in the depths of the jungle, where they had lived for eight centuries without any contact with the rest of the species, to their primitive state, out of the reach of colonizers, tourists, and ethnologists. This at the suggestion of the anthropologists themselves, who were seeing the indigenous people disintegrate immediately upon contact, like mummies in the open air.*

*In order for ethnology to live, its object must die; by dying, the object takes its revenge for being "discovered" and with its death defies the science that wants to grasp it.*

*Doesn't all science live on this paradoxical slope to which it is doomed by the evanescence of its object in its very apprehension, and by the pitiless reversal that the dead object exerts on it? Like Orpheus, it always turns around too soon, and, like Eurydice, its object falls back into Hades. It is against this hell of the paradox that the ethnologists wished to protect themselves by cordoning off the Tasaday with virgin forest. No one can touch them anymore: as in a mine the vein is closed down. Science loses precious capital there, but the object will be safe, lost to science, but intact in its "virginity." It is not a question of sacrifice (science never sacrifices itself, it is always murderous), but of the simulated sacrifice of its object in order to save its reality principle. The Tasaday, frozen in their natural element, will provide a perfect alibi, an eternal guarantee. Here begins an antiethnology that will never end and to which Jaulin, Castaneda, Clastres are various witnesses. In any case, the logical evolution of a science is to distance itself increasingly from its object, until it dispenses with it entirely: its autonomy is only rendered even more fantastic - it attains its pure form.*

*The Indian thus returned to the ghetto, in the glass coffin of the virgin forest, again becomes the model of simulation of all the possible Indians from before ethnology. This model thus grants itself the luxury to incarnate itself beyond itself in the "brute" reality of these Indians it has entirely reinvented - Savages who are indebted to ethnology for still being Savages: what a turn of events, what a triumph for this science that seemed dedicated to their destruction!*

*Of course, these savages are posthumous: frozen, cryogenized, sterilized, protected to death, they have become*

> *referential simulacra, and science itself has become pure simulation. The same holds true at Cruesot, at the level of the "open" museum where one museumified in situ, as "historical" witnesses of their period, entire working-class neighborhoods, living metallurgic zones, an entire culture, men, women, and children included - gestures, languages, customs fossilized alive as in a snapshot. The museum, instead of being circumscribed as a geometric site, is everywhere now, like a dimension of life. Thus ethnology, rather than circumscribing itself as an objective science, will today, liberated from its object, be applied to all living things and make itself invisible, like an omnipresent fourth dimension, that of the simulacrum. We are all Tasadays, Indians who have again become what they were - simulacral Indians who at last proclaim the universal truth of ethnology.*
>
> *We have all become living specimens in the spectral light of ethnology, or of antiethnology, which is nothing but the pure form of triumphal ethnology, under the sign of dead differences, and of the resurrection of differences. It is thus very naive to look for ethnology in the Savages or in some Third World - it is here, everywhere, in the metropolises, in the White community, in a world completely cataloged and analyzed, then artificially resurrected under the auspices of the real, in a world of simulation, of the hallucination of truth, of the blackmail of the real, of the murder of every symbolic form and of its hysterical, historical retrospection - a murder of which the Savages, noblesse oblige, were the first victims, but that for a long time has extended to all Western societies.*
>
> *But in the same breath ethnology grants us its only and final lesson, the secret that kills it (and which the Savages knew better than it did): the vengeance of the dead. (*Jean Baudrillard 1981:7-8).

Sa pagpasok ng Dekada '80, sa kabila ng kawalan ng pakikisalamuha sa Tasaday, nagpatuloy ang paggigiit ng dominanteng salaysay na "*stone-age*," bagama't tila naubusan na ng bagong maisusulat. Mailalarawan ang panahong ito bilang panahon ng pagbabalik-tanaw sa pagkakatuklas ng Tasaday sa pamamagitan ng mga *coffeetable* at hindi *scholarly* na mga akda. Ngayon, ang pangunahing kwentista ay si Nance. Noong 1982, ipinakilala ni Nance sa mga kabataan ang mga Tasaday sa pamamagitan ng paglalabas ng

*Lobo of the Tasaday: A Photographic Account for Young Readers*. Nauna rito, inilathala niya ang *Discovery of the Tasaday: A Photo Novel – The Stone Age Meets the Space Age in the Philippine Rain Forest* (1981). Sa unang tingin, madaling isawalang-bahala ang mga larawan; subalit ang mga ito ay punung-puno ng natatagong makabuluhang kahulugan. Bagama't inuulit lamang ni Nance ang tema ng kanyang naunang aklat na *The Gentle Tasaday*, pinasimple ang pagkakahati ng mga bahagi sa "*Part One: The Forest and the People*," "*Part Two: A Stranger Enters*," "*Part Three: Meeting the Modern World*." Mapapansin na naging tampok na ang temang "bago" at "pagkatapos" ng kanilang pagkakatuklas – tila nagpapaalala rin ng "*bi-partite*" na peryodisasyon ng kolonyalismo – "bago ang panahon ng Espanyol, "matapos ang panahong Espanyol, etc. (Salazar 1983). Sa pagkakagamit ng balangkas na ito sa salaysay ng Tasaday, naging napakahalagang pangyayari ang "bago" at "matapos" ang pagdating ng PANAMIN ni Elizalde. Napakalakas din ng imahen ng pagbaba ni Elizalde mula sa kanyang helikopter upang simulan ang pagprotekta sa mga Tasaday. Ang aklat ay naging propaganda para kay Elizalde – labing-anim na larawan ang nagpapakita kay Manda na niyayakap ng o yumayakap sa mga Tasaday.

Ang audio-biswal na paggigiit ng dominanteng salaysay na "*stone-age*" ay makikita sa pagpapalabas ni Nance noong 1983 ng dokumentaryong *A Message from the Stone Age*, kung saan kanyang sinabi, "*The Tasaday are us and we are them; all members of the human family*." Isa pang dokumentaryo ay ang lumabas noong 1985 na *The Tasaday : Stone Age People in a Space Age World*. Kasabay nito ang serye ng mga lektura ni Nance na naglalakbay sa buong Amerika at sa buong mundo ukol sa Tasaday.

## Ikalawang Yugto: Paglitaw ng salaysay ng mga "*Hoax proponents*" at Paggiit ng Talastasang Pang-akademya

Mahigit ding isang dekada namayagpag ang dominanteng salaysay na "*stone-age*." Ngunit hindi nagtagal, ang dominanteng salaysay na ito ay lubhang maaapektuhan ng mga sumunod na pulitikal na mga pangyayari sa bansa. Noong ika-21 ng Agosto, 1983, pinaslang sa kanyang pag-uwi mula sa Amerika ang pangunahing kalaban ni Pang. Marcos na si Sen. Ninoy Aquino. Matapos na ihatid si Ninoy sa kanyang huling hantungan ng dalawang milyong nagngangalit na mga Pilipino, tila isang pasaherong tumatakas sa isang papalubog na barko si Elizalde, na nilisan ang bansa at ang rehimeng sa kanyang palagay ay babagsak na. Hindi nagkamali si Elizalde. Noong ika-25 ng Pebrero, 1986, pinatalsik ng isang mapayapang pagkilos ang mag-asawang Marcos, at tulad ni Elizalde, sila'y lumisan ng bansa.

Nabanggit na sa simula kung bakit mahalaga sa sarbey na ito ang taong 1986. Demokrasya ang hangad ng akademya, demokrasya sa paglalahad ng katotohanan at pagbibigay ng pagkakataon sa isang tunay na talastasan hinggil sa isang kontrobersyang antropolohikal sa kabila ng demokrasya sa sitwasyong pulitikal ng bansa sa pagkaka-alis ng diktadura. Agosto rin nung taong iyon nang isagawa ang *International Conference on the Tasaday Controversy and other Urgent Anthropological Issues* (1986).[12]

Bilang paghahanda sa kumperensya, nilabas ni Prop. Jerome Bailen, tagapangulo ng nasabing kumperensya, ang isang publikasyon: *A Tasaday Folio*. Layunin nito na bigyan ng ideya ang mga magsisidalo ng kumperensya ng mga kalipunan ng mga batis at dokumento hinggil sa Tasaday upang magsilbing kunteksto ng kumperensya. Sa ganang ito, marahil kauna-unahang pagtatangka na mag-ipon ng batis, isang balanseng sarbey ng bibliograpiya ukol sa kontrobersiyang Tasaday. Ayon kay Bailen sa panimula ng folio:

> *This compilation is not selective enough for some, hardly exhaustive to many, or even balanced to a discerning few. What we essentially did was to get enough of what has been published either in the scientific journal or in the popular media to show how consciousness about the Tasaday has enveloped the entire literate world* (Bailen 1986:1).

Kapansin-pansin din ang pariralang "*and other urgent anthropological issues*" sa naturang lathalain na wari'y nagpapakita ng mas malawak na layunin ng kumperensya – bigyan ng pansin ang mga "nagbabagang mga usapin" ng kulturang Pilipino. Naroon din sa *folio* ang iba't ibang sanaysay ukol sa mga paksang maliban sa Tasaday:[13]

> Maria Mangahas. "To Kill a Culture,"
> Abe Padilla . "Human Rights Abuses in the Cagayan Valley,"
> Ponciano Bennagen. "The Continuing Struggle for Survival and Self-Determination Among Philippine Ethnic Minorities"

---

[12] Tala ng patnugot: Kabilang sa mga dumalo ay mga dalubhasa mula sa iba't ibang bahagi ng mundo sa larangan ng antropolohiya ng pangangaso at pangangalap, karapatang pantao, at etika sa produksyon ng kaalaman.

[13] Gayunpaman, ang mga "urgent issues" na ito ay maliit na bilang lamang kumpara sa 16 na artikulo hinggil sa Tasaday sa loob ng *folio*.

Kumpara sa naunang yugto, malinaw na humihingi ng tunay na talastasan ang kumperensya nung 1986; isang talastasan at hindi lamang kinakatawan ng dominanteng salaysay. Kung kaya't sinikap ng kumperensya na magkaroon ng tagapagsalita sa magkabilang panig.[14] Subalit balot ng tensyon ang kumperenysa kung kaya't masasabing hindi lamang ito isang akadamikong usapin, ito rin ay emosyonal at pulitikal na isyu. Sa panulat ni Hemley (2003), pinansin niya ang tono ng paglalagom ni Prop. Michael L. Tan pagkatapos ng kumperensya bilang tinig din ng buong kaganapan sa kumperensya. Ayon kay Hemley, ipinakita ni Tan kung paanong ang usapin hinggil sa Tasaday ay lumalampas pa sa simpleng pag-alam kung sino ang pabor at di-pabor sa isyu at bakit:

> *His tone was diplomatic but critical. Acknowledging that the conference was "highly emotional" and that it had "lost touch with its original objective of launching scholarly investigation," he concluded that as "the conference ended, it became clear that the stakes were higher than expected. It was not just a question of professional reputations, or the authenticity of the Tasaday, but the whole issue of whether the sciences are indeed value-free and apolitical"* (Hemley (2003:156-157).[15]

Gayundin ang tema ng iba pang mga sumunod na lathalain: Lopez (1986), "Rethinking the Tasaday Controversy," at Mondelo (1986), "Beyond the Tasaday," – pawang mga pagsusumikap na bigyan ng mas malalamin na pakahulugan ang usapin ng Tasaday bilang isang pambansang suliranin na mayroong kinasasangkutan ng iba't ibang sektor na may interes dito (*stakeholders*).

Gayumpaman, hindi rin maikakaila ang katotohanan na ang 1986 ay nagbunga rin ng panibagong "dominanteng salaysay" – ang salaysay naman ng mga "*Hoax proponents*." Halimbawa nito ang panulat ni Christian Adler (1986), isa sa mga unang kritiko ng Tasaday, sa "*The Tasaday hoax: a never-ending scandal*". Tunay ngang emosyonal na usapin ang Tasaday. Iyon din ang sinabi ni William Longacre (1989) nang kanyang isalarawan ang mga polemiko ng mga "*Hoax proponents*" – lalo pa't kung ito'y nanggagaling sa

[14] Natagpuan ng mga may-akda ang isang draft ng proceedings na hindi nilathala: Bailen, Jerome B., ed (1986b), *The Tasaday Controversy: Proceedings of the International Conference on the Tasaday Controversy and Other Urgent Anthropological Issues* (1). Lungsod Quezon: Philippine Social Science Center.

[15] Tingnan din: Tan, Michael L. (1986), "The Tasaday and Other Urgent Issues in Anthropology".

mga taga-UP. Sa paniwala niya, mahalagang salik ang pagbabawal ng kampo ni Elizalde at ng PANAMIN sa mga taga-UP sa pagpasok sa teritoryo ng mga Tasaday upang maging "kontra" ang kanilang posisyon hinggil sa isyu ng Tasaday. Hindi mahirap isipin itong sinasabi ni Longacre lalo pa't totoong "*by invitation*" lamang ang pagpunta sa lugar ng Tasaday sa kasagsagan ng kasikatan nito nuong dekada '70 at '80 (Fernandez at Lynch 1972). Ang pagkakasangkot ng mga tinitingalang mga antropologo mula sa Ateneo tulad nina Frank Lynch, Carlos Fernandez, Teodoro Llamzon ay tila ba nagpalalim pa sa hidwaan ng mga "*Stone-age*" at "*Hoax proponents.*" Sa pag-alaala ni Mary Racelis, sa kanyang *Introduction* sa isang aklat para sa yumaong antropologo ng Ateneo de Manila na is Fr. Frank Lynch, tila hidwaang institusyunal din ang mababanaag sa polemiko hinggil sa Tasaday – ang mga antropologong taga-Pambansang Museo/Ateneo at mga antropologong taga-UP:

> *At the International Anthropological Conference on the "Tasaday Controversy and Other Urgent Anthropological Issues," organized in August 1986 by the University of the Philippines anthropologists Jerome Bailen and Zeus Salazar, pro-hoax partisans honed their academic axes. Their main targets were anthropologists Carlos Fernandez II of the Ateneo de Manila and National Museum anthropologists Jesus Peralta and Robert Fox. Journalist John Nance was likewise excoriated for his bestseller,* The Gentle Tasadays.
>
> *Frank Lynch escaped direct attack, perhaps because he had died eight years earlier and was not around to fan the flames. Nonetheless, he remained fair game because of his relationship with Manuel "Manda" Elizalde, contentious though it had been toward the end. Having served briefly as director of Tasaday research after Fox's resignation in 1971, and until he himself resigned in August, 1972, Lynch remained vulnerable. He, Fernandez, Fox and Nance became convenient stand-ins for the real but unassailable targets under martial law – Elizalde as Panamin and head and, more generally, dictator-president Ferdinand E. Marcos...*
>
> *Also at the work was the latent Ateneo-UP anthropological rivalry, exemplified by the values debate. One might further surmise that with President Marcos having only recently been deposed in the People Power uprising of Ferbruary, the heady atmosphere of freedom to*

> *criticize Manda Elizalde openly at last came to the fore. With no fear of arrest or other kinds of intimidation, like wiretaps, bribes, and lawsuits hanging over them, anthropologist could vent their justifiable anger at Elizalde's blatant exploitation of the Tasaday...* (Racelis 2004).

Iginiit ni Mary Racelis, na ang mga antropologo sa Ateneo ay nanatiling independiente at hiwalay sa kung ano mang mayroong lihim na layunin si Elizalde. Sa katunayan, napakaikli ng panahong binigay ng PANAMIN kina Lynch at Fernandez, at maski ang naunsyaming *fieldwork* nina Fernandez at Baradas, subalit nakagawa pa rin daw ang mga ito ng *accurate* at obhetibong pagsasalarawan ng Tasaday. Dagdag pa ni Racelis, nung naramdaman na ni Lynch na hindi na siya ang tunay na namumuno sa proyektong Tasaday research, kundi si Elizalde, hindi ito nag-atubiling magbitiw sa tungkulin noong 1972 pa lamang.

Kung ang banyagang *media* ang isa sa kauna-unahang naglabas ng impormasyon hinggil sa mga Tasaday nung kasagsagan pa ng kasikatan nito, ang banyagang *media* rin ay isa sa mga nagpalalim, nagpalala at nag-*sensationalize* ng tinaguriang "*hoax*" ng dantaon (na noong una ay tinatawag naman ng banyagang *media* na "*discovery of the century*"). Ipinalabas sa buong Amerika, sa pamamagitan ng programang 20/20 ng ABC, ang *The Tribe that Never Was* noong 1986 – marahil sa pinakaunang network na nagsiwalat sa telebisyon ng pagiging "*hoax*" ng Tasaday. Noong sumunod na taon, dalawang parteng serye ang inilabas ng Thames Production, isang produksyong Ingles, na pinamagatang, *Tasaday Scandal* at ang *The Lost Tribe*. Ayon dito, ang mga tinaguriang Tasaday ay mga Manobo at T'boli; pinagdudahan nito ang katauhan nina Nance, Mai Tuan[16], at lalong-lalo na ni Elizalde. At ang kabalintunaang ito ng *media*, sinakyan ng mga dokumentaryo ang bagong dominanteng salaysay ng mga "*Hoax proponents*" – simbilis kung paano sinakyan din ang dating dominanteng salaysay ng *stone-age*. Bagama't may mga katulad ni Salazar na nabigyan ng pagkakataong magsalita sa mga dokumentaryong ito, sa pangkalahatan, hindi *scholarly* ang pakay ng mga dokumentaryo, bagkus kwentong *human interest* at *sensational*. Mas na-pokus sa "iskandalo" lalong-lalo na sa pagkatao ni Elizalde. Ang dalawang produksyon ay kapwa naglalaman ng mga panayam sa mga diumano'y Tasaday, na nagsasabing napag-utusan lamang sila ni Elizalde na magpanggap na Tasaday.

[16] Tala ng patnugot: si Mai Tuan ay isang datu na naging tauhan ni Elizalde sa komunidad at binigyan niya ng armas.

## Ikatlong yugto: Tungo sa Pagbubuo ng Salaysay ng Tasaday ayon sa Tasaday

Sa pagpasok ng 1989, tila panibagong hangin ang iihip sa kontrobersyang Tasaday. Pinangunguhan ng mga tagapagtaguyod ng "*hoax*," ngayon naman ang damdamin ay hindi na masyadong polemiko o palaban, hindi na galit o emosyonal – kundi may pagnanasang maging iskolarli; may pagkiling sa Tasaday bilang "sila" mismo. Sa totoo lang, makikita na agad ang pananaw na ito, doon pa lamang sa isang artikulo sa *folio* ng Tasaday ni Lopez (1986), "*Elizalde was a fake...but the Tasadays are not.*" Gayunpaman, ang 1989 ay mahalagang yugto sa talastasang Tasaday sapagkat sa taong ito ginanap ang ikalawang pandaigdigang kumperensya ukol sa Tasaday – sa pagkakataong ito, sa Estados Unidos. Nalathala ang *proceedings* ng kumperensya sa espesyal na publikasyon ng American Anthropological Association (Headland 1992). May tono ng pagbabalik-tanaw ang lathalaing ito – palibhasa'y 18 taon nang nakakaraan simula ng unang balita hinggil sa Tasaday. Sa balangkas ng aklat na matutunghayan sa ibaba, mababanaag ang pagsusumikap na maging balanse ang paglalahad ng mga ebidensya:

*Part I: The Skeptics*
*Part II: Supporters of the Early Reports on the Tasaday*
*Part III: New Perspectives on Some Old Data*
*Part IV: Comment from Outside Scientists*
*Part V: Conclusion*

Sa prepasyo ng lathalaing ito, sinabi ni Headland na sinikap nilang isama ang lahat ng tinig sa usaping ito sapagkat pinadalhan nila ng imbitasyon ang lahat ng naging bahagi ng talastasang Tasaday, maliban kina Fox at Lynch na parehong yumao na, upang magbasa ng papel. Lahat, maliban kina Baradas at Fernandez, ay nagpaunlak sa paanyaya.

Bagaman "*hoax proponent*", sinikap bigyan ng kahulugan ni Salazar ang sanga-sangang salaysay ng Tasaday sa lathalaing iyon:

> *All this contextualizes, on the level of the actors (and victims), the making of a hoax. On that genealogical, familial level, there can be no denying of connections and even responsibilities. But, how restricted indeed these are, compared to the vaster context of liabilities and conflicting agendas.*
>
> *This others will probably have to tackle* (Salazar 1992:85).

1989 din nang magbalik si Elizalde sa Pilipinas. Kasama ang mga Tasaday na nagbawi ng kanilang pag-amin na sila ay peke, nagsampa siya ng kaso kina Zeus Salazar at Jerome Bailen. Inilabas ng mga tagapanalig ng salaysay na "*stone-age*" ang kanilang sariling *compendium* ng mga akda sa ilalim ng pamamatnugot ng isang antropologo mula sa UP, si Virginia Dandan (1989), ang *Readings on the Tasaday* na nilathala ng isang samahang nagpapakilalang Tasaday Community Care Foundation, na itinatag mismo ni Elizalde. Nagpatuloy pa sa paglalabas ng papel ang mga eksperto ng salaysay na "*stone-age*" hanggang sa pagsisimula ng dekada '90. Isinulat ni Lawrence Reid noong 1994 ang "*Linguistic Archaeology: Tracking Down The Tasaday Language*," para sa World Archaeology Congress sa New Delhi. Nagbalik rin si Douglas E. Yen at inilathala noong 2002 ang "*The Tasaday Environment: Seventeen Years On.*"

Samantalang, nariyan din ang mga serye ng mga papel nina Levita Duhaylungsod at David Hyndman na nagnanais na dalhin ang isyu sa mas mahalagang usapin ng karapatan ng mga katutubo, kaysa sa simpleng polemikong "*stone-age*" o "*hoax*" lamang:

Levita Duhaylungsod at David Hyndman. (1990). "Behind and Beyond the 'Tasaday': The Untold Struggle Over Resources of Indigenous Peoples." *Philippine Social Science Information* 18 (3).

Levita Duhaylungsod at David Hyndman. (1990). "The Development Saga of the Tasaday." *Gentle Yesterday, Hoax Today, Exploited Forever? Bulletin of Concerned Asian Scholars* 22 (4).

Levita Duhaylungsod at David Hyndman. (1992). "Behind and Beyond the Tasaday: The Untold Struggle Over T'boli Resources." Sa Mark Turner, Lulu Turner at Ron May (eds). *Mindanao: Land of Unfulfilled Promise.* Maynila: New Day Publishers.

Maging ang mga TV network ay muling tiningnan ang Tasaday, naging mas maingat sa pag-aakusa o pagtatanggol dito. Ilan sa mga nagtangkang ipakita ang panibagong yugto sa kwento ng Tasaday batay sa mga ebidensya ay ang *Trial in the Jungle* noong 1989, *Twilight of the Tasaday* noong 1992 (ginawa sa Pilipinas at nagpapakita ng panig ng mga Tasaday mismo), at ang *The Lost Tribe* noong 1993 (ang *NOVA special* na tumitimbang sa mga ebidensya at binanggit na maaaring ang panahon na ang Tasaday ay hindi nakisalamuha sa ibang grupo ay 150 taon, na mahina ang mga ebidensya ng mga "*Hoax proponents.*" Masasabing sa panahon matapos ang 1989, nang lumamig na ang ulo ng lahat ng panig, nahawi na ang landas para sa tunay na

talastasan, bagama't masasabing hanggang ngayon, wala pa ring depinitibong kasagutan ang maraming katanungan ukol sa Tasaday.

Mula sa mga temang nauna nang isinulat ni Arnold Azurin sa *"The Tasaday: Conspiratorial Sci-Fi & Media Circus"*[17] inilathala ng manunulat at propesor sa Ingles ng Pamantasan ng Utah, Robin Hemley, ang *Invented Eden: The Elusive, Disputed History of the Tasaday* noong 2003. Ayon kay Hemley sa paunang salita ng *Philippine Edition* ng aklat:

> *I should stress that this book is not an anthropology text... It's definitely a history of the Tasaday phenomenon, and more importantly, it's a book about the media, especially the Western media, and its slapdash and often cynical treatment of tribal minorities and others it wishes to romanticize or demonize* (Hemley 2003:ix).

Sa pakiwari ko, nang isipin ni Hemley na isulat ang aklat, ninais nitong ito ang maaaring sumagot sa marami pang mga katanungan ukol sa Tasaday, tulad ng marami nang nagtangka na isulat ang pinal at depinitibong pag-aaral ukol sa Tasaday. Subalit nang simulan niyang kausapin ang mga tauhan sa magkabilang panig at isulat ang iba't ibang mga pangyayari ukol sa Tasaday, ang pagsusulat ukol sa tunay na kasaysayan ng Tasaday ay lalong naging masalimuot gayong hindi pa talaga natatapos ang salaysay ng Tasaday. Kung may naibahagi ang aklat ni Hemley, hindi ito ang pagbubukas ng bagong debate, kundi ang pagpapaalala kung paano maaaring magamit ang akademya at ang mga katutubo sa pagsusulong ng iba't ibang interes. Inilagay ni James Hamilton-Paterson sa ilang salita lamang ang mensahe ng buong aklat sa kanyang masusi at mapanlagom na ribyu:

> *From the outset the Tasaday's true identity had been obscured by private motives, wishful thinking and journalistic labels such as the "stone age" epithet unfortunately used by Nance himself. They are not a stone-age tribe, but a remnant of a much larger group which at some point during the past centuries (not millennia) fled deeper into the forest to escape a measles epidemic that is still part of their folklore. In this way they became isolated long enough for their language to have acquired mutations and for them to have forgotten their farming habits and reverted to hunter-gathering. When they hit the headlines in*

[17] Na makikita sa kanyang aklat na *Reinventing The Filipino: Sense of Being and Becoming* (Azurin 1993:37-51).

> *1971, the Tasaday were what Lévi-Strauss calls "pseudo-archaics": true marginals, even slightly feral...*
>
> *Victims of circumstance, yes, but Hemley makes the point early on that "the story of the Tasaday is as much about us (the industrialised world), who we perceive ourselves to be, as it is about a band of 27 or so souls in the Philippines who became stand-ins for the world's hopes, dreams and fears." The same could be said of all "lost" tribes.*
>
> *Right from the beginning everybody wanted something from these people who owned nothing. Manda wanted limelight; the Marcoses wanted virtue; anthropologists wanted a career exclusive; media folk wanted dewy pictures and stories of prelapsarian free love; depressed townies wanted a frisson of primitive transcendence; missionaries wanted them for Jesus; and a rabble of loggers, prospectors, Islamic and Christian guerrillas wanted their land* (Paterson 2003).

Kung mapapansin, hindi na bago ang konklusyon na ilang siglo lang ang pagkakahiwalay ng Tasaday sa ibang grupo at hindi ang "stone-age" na taguri sa kanila. Naipakita rin ng aklat ang iba't ibang interes na nais makisawsaw sa isyung ito, pangunahin na ang isyu ng lupain. May mga nagnanais na angkinin ng Tasaday ang lupain bilang *ancestral land* upang mas madali itong mapasakamay ng mga *illegal loggers.*[18]

Noong 2003, sa taon na inilabas sa pandaigdigang merkado ang akda ni Hemley, inilathala rin ang *Dream Jungle* na isinulat ng kilalang nobelistang migranteng Pilipino na si Jessica Hagedorn. Tulad sa kanyang naunang aklat na *Dogeaters*, ikinubli ni Hagedorn ang pangalan ng mga tunay na pangalan[19] at pinalitan ang detalye ng maraming pangyayari, ngunit ang

---

[18] Pakikipag-usap kay Dr. Zeus Salazar at Prop. Jerome Bailen, Faculty Lounge, Bulwagang Rizal, UP Diliman, Lungsod Quezon, ika-5 ng Pebrero, 2008. Ang tema ng pagsasamantala ay nabanggit rin sa isang naunang biograpiyang *authorized* ukol kay Charles Lindbergh na isinulat ni A. Scott Berg. Liban sa pagkukwento ng mga karanasan ni Lindbergh sa pagprotekta ng mga kalabaw at mga *monkey-eating eagle*, at pakikipagkaibigan sa Pang. Marcos, nabanggit din ang isang tangkang *ambush* na kanyang naranasan papunta sa mga Tasaday at ang pagnanais nito na hindi mapagsamantalahan ng mga peryodista at mga magtotroso ang mga Tasaday.Umibig daw ang sikat na pilotong payunir sa bansang Pilipinas at naisip na ring mamamalagi kasama ng mga Pilipino sa kabundukan. A. Scott Berg (1998), *Lindbergh* (Nueba York: G.P. Putnam's Sons), 539-544.

[19] Mula Tasaday tungo sa "Taobo", na malapit sa alias ni Elizalde na *Tao Bong*, at mula Manuel Elizalde tungo sa "Zamora López de Legazpi".

kwento ay pareho, isang mayamang lalaki na nakatuklas diumano ng isang *Stone-Age* tribe at ginamit ito upang siya ay sumikat. Nakakatuwa ang paggamit ni Hagedorn ng pangalang "Legazpi", tila iwinawangis ang mga kolonyalistang Español at si Elizalde sa kanyang tingin sa mga katutubo—isang bagay na kailangang hanguin mula sa barbarismo tungo sa kabihasnan. Sa nobela, isang karakter na nagngangalang Prop. Amado G. Cabrera, na nagtamo ng kanyang Ph.D. sa Sorbonne at propesor ng Departamento ng Antroplohiya at Kasaysayan sa Unibersidad ng Pilipinas, ang naunang nakipagtulungan kay Zamora López de Legazpi ngunit sa huli ay inilabas din na ang lahat ay "kalokohan" sa isang kumperensya. Tila isa siyang *composite character* ng mga eksperto na naging bahagi ng dalawang magkaibang pananaw ukol sa Tasaday. Sa mga nakakakilala, tila hinango ang karakter ng antropolohista kay Dr. Salazar (Ph.D. Sorbonne at magiliw sa mga nagsisilbi sa mga kainan) na minsan sinabi sa isang interbyu, "Sa totoo lang, sawang-sawa na ako sa kontrobersyang ito. Kumbinsido na ako na kalokohan lang (ang tinaguriang mga Tasaday)" (Salazar 1988:25).

Sa sumunod na taon, tinalakay naman sa aklat na *Sikolohiyang Panlipunan at Kalinangan* ang mga pagkukulang sa mga ingkwentro ng mga eksperto at mga Tasaday. Nagpokus ito sa metodong ginamit ng mga eksperto sa Tasaday na inilathala sa mga opisyal na dokumento (Lacanlale at Vista 2004:180).

Tila ang daigdig ay hindi pa natatapos sa isyung Tasaday. Ang pagkakalathala ng aklat ni Hemley at iba pang lathalain ay nagbukas ng bagong interes sa Tasaday. Kasunod ng paglabas ng libro, noong ika-24 ng Pebrero 2004, sa pagdiriwang ng Linggo ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya ng UP Diliman (CSSP Week), nagkaroon ng sampaksaan ukol sa Tasaday na ginanap sa Bulwagang Palma 207. Ang naging tagapagsalita ng sampaksaan na ito ay, muli, sina Zeus Salazar, Pons Bennagen at Sweet Cabanilla. Hanggang sa *forum* na "*What's New With The Tasaday: Implications for the Theory and Practice of Anthropology,*" na isinagawa sa Pulungang Claro M. Recto (Faculty Center), UP Diliman, ika-17 ng Agosto, 2006. Naglakbay ang sampaksaan at ang eksibit na ito sa Unibersidad ng Pilipinas sa Baguio. Nagkaroon din ang sampaksaan ng *sequel* kasama ang ilang bagong papel (kabilang na ang papel na ito) bilang isang panel sa ika-8 Pandaigdigang Kumperensya para sa Araling Pilipino (ICOPHIL) noong ika-24 ng Hulyo, 2008. Ang sampaksaan ay nagbubukas ng dalawang mahahalagang usapin: una, paglingon sa nakaraang diskurso at usapin ukol sa mga Tasaday; at ikalawa, pagsusumikap na kilalanin sila ng estado at maunawaan ng bayan bilang mga "tunay" na mamamayang Pilipino.

Ang buod ng paggunita sa kumperensya nuong 1986 ay upang pagmuni-munihan ang diskurso ng Tasaday sa perspektiba ng kasalukuyan. Ngunit liban sa isang simpleng pagbabalik-tanaw, may mas mahalagang nagawa ang

naturang okasyon kaysa sa pagbibigay ng bagong impormasyon o *update*: ito ay ang pagkakaroon ng "pagtutulay" sa pagitan ng nakatatandang henerasyon ng mga antropologo sa mga bagong antropologo at mag-aaral sa UP na, marahil, may kalabuan na ang memorya hinggil sa panahon ng dating Pang. Marcos; at sa ganang ito, sa panahon din ng kasagsagan ng isyu ng Tasaday.

Ang sampaksaan ay nagbigay ng sulyap sa kasalukuyang kalagayan at hinaharap ng mga Tasaday – ngayon, bilang mismong "Manobo Tasaday" at hindi kung anong tatak o leybel sa kanila (tulad ng "*lost tribe*," "*stone age people*" at iba pa). Iniulat ng mga tagapagsalitang sina Ponciano "Pons" Bennagen at Israel "Sweet" Cabanilla ang resulta ng kanilang *fieldwork* na isinagawa noon pang 2003, kasama ang mga taga-National Commisssion on Indigenous Peoples (NCIP), sa lugar ng pinaniniwalaang mga katutubong Tasaday – ang bulubundukin ng Timog Cotabato sa isla ng Mindanao. Dagdag nito, ipinagbigay-alam nila ang kanilang mga pananaw at paninindigan na bigyan ng karapatan ang mga Tasaday bilang mga tunay na IP (*Indigenous People*). Nakikita nilang noo'y sila'y biktima ng sitwasyon, subalit umaasang maitatama ang kasaysayan sa pamamagitan ng paggagawad ng sertipiko ng *ancestral domain* ng estado. Ito marahil ang pinaka-motibasyon sa likod ng paggunita sa ika-20 taon ng kumperensya ng Tasaday sa UP: talakayin ang mga posibilidad at etika sa pagkilala sa mga Tasaday. Isang napaka-antropolohikal, gayundin pangkasaysayan, na paksa at usapin ang Tasaday sapagkat sangkot dito ang proseso – buhay at patuloy na nagbabago – ng paglikha ng etnisdidad, ng pagka-IP at pagkaPilipino.

## Konklusyon

Saan nga ba papunta ang mga Tasaday? Marahil ito rin ang matagal na itinanong sa iba't ibang anyo ng talastasan hinggil dito. Ang sagot dito ay "walang katapusang" diskusyon – tila hindi matapos-tapos (tulad na lamang ng napagtanto marahil ni Hemley (2003) na ang istorya ng Tasaday ay "*elusive*" at "*disputed*"). Patuloy ang paligsahan at tagisan sa pagtatayo ng dominanteng salaysay. Ang sarbey na ito ng bibliograpiya ng Tasaday ay nagpapakita ng masalimuot na landas ng talastasang Tasaday.

Sa diskurso ng antropolohiya, ang etnisidad ay tinitingnan bilang isang dinamikong prosesong kultural – nilikha kaysa isang gawang entidad; binubuo kaysa isang bagay na yari na sa kalikasan o natural; nagbabago kaysa isang idea na nakatigil sa isang partikular na panahon o yugto. Iyon ang Tasaday; nagbabago sila at kasama sila sa pagdedesisyong iyon. Noong 1972, naglabas ang PANAMIN ng publikasayong may pamagat na, "*Tasaday: Protecting Man's Right to Choice*" (Trinidad at Bauer 1972). Sinasabi lamang dito na ang Tasaday ang magsasabi sa kanilang sarili kung gaano kabilis o kabagal nilang tatanggapin ang "modernisasyon" o

pagbabago sa kanilang buhay at kultura. Ang "*protecting*" dito ay pagsasara sa *access* sa kanilang lugar, upang maitago at mailayo sa 'mapanirang' pakikialam ng mga 'taga-labas.' Subalit makikita na kahit ang sinasabing pagpo-protekta sa kanilang uri ng pamumuhay ay balot ng interes at partikular na agenda. Hindi nga *value-free* dahil may nakatagong dahilan, layunin at kunteksto ang lahat ng mga bagay-bagay. Kung ganoon, tanging ang mga sinasabing mga "Tasaday" mismo, ang orihinal na 26 na indibidwal na unang napabalitang 'nadiskubre' sa 'kagubatan ng Timog Cotabato', ang makakapagsabing sila nga ba ay totoo o peke lamang. Nagiiba-iba ang perspektiba depende sa kung sino ang tumitingin sa Tasaday: una, ang pagtingin ng mga Pilipinong nasa kapaligiran ng Tasaday (e.g. Manobo), mga Pilipinong nasa lungsod o urbanisadong lugar, ang estado, ang mga banyaga, at sa huli, sila mismo bilang isang grupo ng tao sa Pilipinas Bagama't makikitang iba-iba rin ang kanilang mga sinasabi ukol sa kanilang sarili sa iba't ibang panahon. Mababanaag ang mga *bias* o pagkiling ng bawat sektor sa isang partikular na pananaw; mahahalata ang mga esensyalismong dati na nating napapansin sa kanluran at sa mga taga-lungsod.

Ngayon, bilang mga tao na naghahangad ng pagkilala mula sa estado at sa kapwa Pilipino, ang mga Tasaday ay nagpapatuloy sa kanilang buhay – may iba't ibang kaalaman upang mabuhay mula sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang grupo ng tao (halimbawa sila ay mga magsasaka). Sa loob ng mahigit 30 taon mula ng 'pagkakdiskubre' sa kanila ng PANAMIN, marami nang nagbago sa buhay ng mga Tasaday. Ito ay nakita sa 2003 na fieldwork nina Bennagen at Cabanilla. Ito rin ang dahilan kung bakit kailangan pa ring pag-usapan ang Tasaday – *relevant* pa rin, wika nga, ang Tasaday dahil sinasalamin nito ang kalagayang kultural natin sa kasalukuyan – mabilis na nagbabago at larawan ng tunggalian sa lipunan.

---

**Pagkilala**

Para kina Dr. Maria Mangahas, Bb. Catherine Liamzon, at Bb. Ivana Adrienne Noelle Guevara, mga personipikasyon ng mga kataga ni Plato at sinipi ng Unang Ginang Imelda Romualdez-Marcos: "*Beauty is love and God made real.*"-xiao

## Mga Sangguniang Binanggit

Adler, Christian (1986), The Tasaday hoax: a never-ending scandal. *Alternative* 1.

Azurin, Arnold Molina (1993), "The Tasaday: Conspiratorial sci-Fi & media circus." Sa *Reinventing the Filipino: Sense of being and becoming.* Lungsod Quezon: CSSP Publications and U. of the Philippines Press.

Bailen, Jerome *ed.* at *comp.* (1986). *Tasaday controversy: Proceedings of the International Conference on the Tasaday Controversy and Other Urgent Anthropological Issues.* Lungsod Quezon: Philippine Social Science Center.

Baudrillard, Jean (1981). *Simulacres et simulations* (Paris: Éditions Galilée); trans. Sheila Faria Glaser (1994). *Simulacra and simulations.* Ann Arbor, MI: University of Michigan Press.

Bentley, J. H. (1996). Cross-cultural interaction and periodization in world history. *American Historical Review* (Hunyo): 749–770.

Besserman, Lawrence, ed. (1996). *The challenge of periodization : Old paradigms and new perspectives.*

Dandan, Virginia *ed.* (1989). *Readings on the Tasaday.* Pasig: Tasaday Community Care Foundation.

Duhaylungsod, Levita at David Hyndman. (1990). Behind and beyond the 'Tasaday': The untold struggle over resources of indigenous peoples. *Philippine Social Science Information,* 18 (3).

Lacanlale, Kathryn at Nonalyn Vista (2004). "Ang 'pagkatuklas' at pag-aaral sa 'Tasaday'." Sa Zeus Salazar, ed. *Sikolohiyang panlipunan-at-kalinangan.* Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

Duhaylungsod, Levita at David Hyndman (1990). "The development saga of the Tasaday." Sa *Gentle yesterday, hoax today, exploited forever? Bulletin of Concerned Asian Scholars,* 22 (4).

Duhaylungsod, Levita at David Hyndman (1992). "Behind and beyond the Tasaday: The untold struggle over T'boli resources." Sa Mark Turner, Lulu Turner at Ron May (eds). *Mindanao: Land of unfulfilled promise.* Maynila: New Day Publishers.

Elizalde, Manuel Jr. at Robert B. Fox (1971). The Tasaday forest people: A data paper on a newly discovered food gathering and stone tool using Manubo group in the mountains of South Cotabato, Mindanao,

Philippines. *Typescript* na inilabas ng Smithsonian Institution Center for Short Lived Phenomena, Washington D.C. Lumabas din sa Jerome Bailen, *ed.* at *comp.* (1986a). *A Tasaday folio.* Lungsod Quezon: UGAT at UP Departamento ng Antropolohiya.

Fernandez, Carlos A. II at Frank Lynch (1972). The Tasaday: Cave-dwelling food gatherers of South Cotabato, Mindanao. *Philippine Sociological Review: Official Journal of Philippine Sociology and Anthropology* 20 (3): 279-330.

Fernandez, Carlos (1978). "The Tasaday." Sa Alfredo Roces, *ed. Filipino heritage: The making of a nation*, Tomo 1. Maynila: Felta Book Sales.

Hagedorn, Jessica (2003). *Dream jungle.* Nueba York: Penguin Books.

Headland, Thomas N. *ed.* (1992). *The Tasaday controversy: Assessing the evidence.* Washington: American Anthropological Association (Isang nalathalang *proceeding* ng *Special Session of the 88th Annual Meeeting of the American Anthropological Association*, Washington D.C., ika-16 ng Nobyembre, 1989).

Hemley, Robin (2003). *Invented eden: The elusive, disputed history of the Tasaday.* Nueba York: Farrar, Straus and Giroux.

Lindbergh, Charles A. (1975). "Foreword." Sa John Nance (1975). *The gentle Tasaday : A stone age people in the Philippine rain forest.* Nueba York: Harcourt, Brace Jovanovich.

Llamzon, Teodoro A., S.J. (1972). The Tasaday laguage so far. *Philippine Sociological Review: Official Journal of Philippine Sociology and Anthropology*, 20 (3): 331-341.

Longacre, William (1989). "Cave archaeology: a possible solution to the Tasaday problem." Sa Thomas N. Headland, ed., *The Tasaday controversy: Assessing the evidence.* Washington: American Anthropological Association.

Lopez, Maria Elena (1986). Rethinking the Tasaday controversy. *Philippine Social Science Information,* 14 (3).

Lopez, Bernardo (1986). "Elizalde was a fake...but the Tasadays are not." Sa Jerome Bailen, *ed.* at *comp.* (1986a). *A Tasaday folio.* Lungsod Quezon: UGAT at UP Departamento ng Antropolohiya.

MacLeish, Kenneth at John Launois. (1972). Stone age men of the Philippines. *National Geographic,* 142 (2):218-249.

Mondelo, Desiderio L. (1986). Beyond the Tasaday. *Tribal Forum,* 1 (6).

Nance, John (1975). *The gentle Tasadays : A stone age people in the Philippine rain forest.* Nueba York: Harcourt, Brace Jovanovich.

Nance, John (1981). *Discovery of the Tasaday: A photo novel--The Stone Age meets the Space Age in the Philippine rain forest.* Lungsod Quezon: Vera-Reyes.

Nance, John (1982). *Lobo of the Tasaday: A photographic account for young readers.* Nueba York: Pantheon Books.

Paterson, James Hamilton (2003). Found and lost (Ribyu ng *Invented Eden* ni Robin Hemley). *The Guardian* (Hunyo 23, 2003). [Matatagpuan sa http://books.guardian.co.uk/lrb/articles/0,6109,978741,00.html.]

Racelis, Mary (2004). "Introduction." Sa Aram A. Yengoyan at Perla Q. Makil, eds., *Philippine society and the individual: Selected essays of Frank Lynch.* Quezon City: IPC-Ateneo de Manila University.

Reid, Lawrence A. (1994). Linguistic archaeology: Tracking down the Tasaday language. Papel na binasa sa World Archaeology Congress sa New Delhi, India, ika-4-11 Disyembre, 1994.

Salazar, Zeus A. (1971), Comments: Footnote on the Tasaday. *Philippine Journal of Linguistics*, 34-38.

Salazar, Zeus A. (1972). Second footnote on the Tasaday (1972). *Asian Studies* 11 (2):97-113 at sa Jerome Bailen, *ed.* at *comp.* (1986) *Tasaday controversy: Proceedings of the International Conference on the Tasaday Controversy and Other Urgent Anthropological Issues.* Lungsod Quezon: Philippine Social Science Center.

Salazar, Zeus A. (1983). "A legacy of the Propaganda: The tripartite view of Philippine history." Sa Zeus Salazar, ed. *Ethnic Dimension.* Kolonya: Counselling Center for Filipinos, Caritas Association for the City of Cologne.

Salazar, Zeus A. (1988a). Pakikipanayam kay Dr. Zeus Salazar. *Diliman Review*, 36 (1): 25-30.

Salazar, Zeus A. (1989). Another footnote to a never-ending story. Papel na binasa sa 88th Annual Meeting of the American Anthropological Association. Washington D.C., Ika-15-19 Nobyembre.

Salazar, Zeus (1992). "Third and final footnote on the Tasaday." Sa Thomas N. Headland, ed., *The Tasaday controversy: Assessing the evidence.* Washington: American Anthropological Association.

Tan, Michael L. (1986). The Tasaday and other urgent issues in Anthropology. *Philippine Social Science Information,* 14 (3).

Trinidad, Oscar at Janet Bauer, eds. (1972). *Protecting man's right to choice.* Maynila: PANAMIN.

Yen, Douglas E. (2002). The Tasaday environment: Seventeen years on. *Philippine Studies,* 50.

## Mga eksibit tungkol sa Tasaday

"*Tasaday,*" photos, artifacts and dioramas on permanent display at the Museum of Philippine Traditional Culture. Nayong Pilipino, Pasay City, Metro Manila. 1972-1984.

"*Tasaday: a black and white photo exhibit,*" Smithsonian Institution. Washington D.C. June 5-7 1972.

"*Tasaday: an exhibit of photographs,*" black and white, color slides in the main gallery of the National Geographic Society. Washington D.C., June-July 1972.

"*Tasadays,*" isang bahagi ng eksbit sa UP Anthropology Museum (ayon sa *UP Museum of Anthropology Guide-Brochure* ni Natividad Noriega), 1972.

"*Tasaday revisited,*" a semi-permanent photo exhibition by the National Museum of the, 2nd Floor, Congress building, Madurodan, The Hague, Netherlands, 1975.

"*Iscrapbuk ng mga Tasaday*", sa okasyon ng Forum "What's New with the Tasaday: Implications for the Theory and Practice of Anthropology" August 17, 2006, UP Diliman: Department of Anthropology and Ugnayang PangAghamTao (UGAT, Inc.),

"*What's New with the Tasaday*" ineksibit sa Oktubre 2006 Silliman University/UGAT National Conference, sa UP Mindanao, sa SM Davao, sa Lake Sebu, at sa ICOPHIL 2008.

## Mga bidyo:

*Last tribes of Mindanao* (1971). "*A National Geographic film showing the first contact with the Tasaday in June of 1971. The film is about Manuel Elizalde's work among tribal peoples on the Island of Mindanao*"

*Cave people of the Philippines* (1972). "*An NBC film showing the Tasaday at the caves in August of 1972.*"

*A Mmessage from the Stone Age* (1983). "*A general view of Tasaday and John Nance's interpretation of their importance.* A Message *is from stills taken by John Nance.*"

*The Tasaday: Stone Age people in a Space Age world* (1985) (Pathescope Educational Media and the Associated Press ; Guidance Associates, The Center for Humanities Publication Mount Kisko, N.Y.: The Center [producer]). "*A coverage of a group of people discovered in the Philippines in 1971. It shows their stone age way of life and trace the effects of modern civilization on their culture.*"

*The tribe that never was* (1986). "*ABC's interpretation that the Tasaday are a hoax. It has Tom Jarriel's interview with them in 1986.*"

*Tasaday scandal; The lost tribe*, (1987) (Produced by John Edwards; director, Ian Taylor Publication [S.l.] : Thames Production. Credits note: Film editor, Barbara Farmer; Reporter, Philip Tibenhan; Researchers, Adrian Wood). "*A story of the Tasaday scandal in Southern Mindanao and the claim of Manuel Elizalde,Jr. for discovering this tribal people who are really Manobos and T'bolis.*"

*Trial in the jungle.* (1989). "*Tries to resolve the hoax issue. Much of it is the basis for the NOVA program,* The Lost Tribe."

*Twilight of the Tasaday* (1992). *Was done in the Philippines and gives a perspective from the point of view of the Tasaday.*

*The lost tribe* (1993). "*NOVA special that evaluates the evidence. It says that the period out of contact was more like 150 years, that the hoax evidence is weak, and that cultural loss is the most likely explanation.*"

---

Si **Michael Charleston B. Chua** ay Lecturer sa Department of History, De La Salle University, Manila. Maaaring siyang makapanayam sa <xiaoking_beatles@yahoo.com>

Si **Carlos P. Tatel, Jr.** ay Assistant Professor sa Department of Anthropology, University of the Philippines, Diliman. Maaari siyang makapanayam sa <carl_tatel@yahoo.com>